

## The Dapitan Initiative



The strong stance on Human rights impact to Communities on mining gathered last October 11, 2002 at the Rizal Shrine in the historic city of Dapitan, Zamboanga del Norte and has been dubbed as "The Dapitan Initiative".

"The Dapitan Initiative" seeks the scrapping of the Philippine Mining Act of 1995 (Republic Act No. 7942) and the formulation of an alternative "People's Mining Act".

The activity is organized by the DIOPIM Committee on Mining Issues (DCMI) - composed of church groups from the cities of Dipolog, Iligan, Ozamiz, Pagadian, Ipil, and Marawi, thus the acronym DIOPIM - and the Legal Rights and Natural Resources Center-Kasama sa Kalikasan (LRC-KsK), a non-government organization which has been involved on policy, legal research and advocacy for many years.

A highlight of the event is the signing of "The Dapitan Declaration" by 23 prominent individuals representing various sectors of Philippine society.

"The Dapitan Initiative" seeks to encourage discussions among advocates, particularly local community organizations and Civil Society on how to address the problem of large-scale mining.

The event aspiring as the starting point of a signature campaign seeking to scrap RA 7942 thus the campaign "Scrap the Mining Act of 1995" rolled-on.

Started with just 23 advocates and growing to Millions of Filipinos at present across the country pushing for the immediate passage of an Alternative Minerals Management Bill (AMMB).

## The Dapitan Initiative



The strong stance on Human rights impact to Communities on mining gathered last October 11, 2002 at the Rizal Shrine in the historic city of Dapitan, Zamboanga del Norte and has been dubbed as "The Dapitan Initiative".

"The Dapitan Initiative" seeks the scrapping of the Philippine Mining Act of 1995 (Republic Act No. 7942) and the formulation of an alternative "People's Mining Act".

The activity is organized by the DIOPIM Committee on Mining Issues (DCMI) - composed of church groups from the cities of Dipolog, Iligan, Ozamiz, Pagadian, Ipil, and Marawi, thus the acronym DIOPIM - and the Legal Rights and Natural Resources Center-Kasama sa Kalikasan (LRC-KsK), a non-government organization which has been involved on policy, legal research and advocacy for many years.

A highlight of the event is the signing of "The Dapitan Declaration" by 23 prominent individuals representing various sectors of Philippine society.

"The Dapitan Initiative" seeks to encourage discussions among advocates, particularly local community organizations and Civil Society on how to address the problem of large-scale mining.

The event aspiring as the starting point of a signature campaign seeking to scrap RA 7942 thus the campaign "Scrap the Mining Act of 1995" rolled-on.

Started with just 23 advocates and growing to Millions of Filipinos at present across the country pushing for the immediate passage of an Alternative Minerals Management Bill (AMMB).

# Alternative Minerals Management Bill



## **Ano ang mga Panukalang Alternative Minerals Management Bills (AMMB)?**

Ang Alternative Minerals Management Bills o House Bills (HB 206 at 3763) ay naglalayong palitan ang kasalukuyang batas sa pagmimina (RA 7942) o Mining Act of 1995 sa pamamagitan ng pagsasabatas ng “Philippine Mineral Resources Act of 2010. Ang panukalang batas na ito ay nagsusulong nang konserbasyon ng ating hindi-napapalitang yamang mineral para sa kapakinabangan ng kapwa kasalukuyan at hinaharap na henerasyon ng mga Pilipino sa pamamagitan nang pagpapatupad ng likas-kaya, planado at batay-sa-pangangailangang pamamahala ng ating mga yamang mineral tungo sa mas epektibong paggamit nito para sa pambansang industriyalisasyon at modernisasyon ng ating agrikultura.

Noong Hulyo 2010, inihain sa Kongreso ni House Deputy Speaker at ng Kinatawan ng ikatlong Distrito ng Lalawigan ng Quezon Lorenzo “Erin” Tanada



III ang HB 206. Sinundan naman ito, noong Disyembre 2010 ng HB 3763 na kapwa inihain at ipinanukala nina Cong. Kaka Bag-ao at Walden Bello ng AKBAYAN Partylist, Cong. Teddy Brawner ng Ifugao, Cong. Rufus at Maximo Rodriguez ng Ikalawang Distrito ng Cagayan de Oro, Cong. Carlos Padilla ng Nueva Viscaya at Cong. Roilo Golez ng Paranaque. At nang Marso 2011 naman, inihain naman ni Bayan Muna Partylist Cong. Teddy Casino ang kahalintulad na panukalang batas HB 4315.

Sa kasalukuyan, ang tatlong panukalang batas (HB 206, 3763 at 4315) na nakahain sa Mababang Kapulungan ng Kongreso ay ikinonsolida bilang iisang panukalang batas na dinidinig at pinag-aaralan ngayon ng Komite sa Likas Yaman ng Kongreso.

Samantala, noong Pebrero 15, 2012, sinalubong sa Senado ang panukalang batas ng Mababang Kapulungan nang isang panukalang batas sa Senado (SB 3126) na inihain ni Sen. Sergio "Serge" Osmena III. Ang panukalang batas na ito sa Senado ang siyang tumatayong katumbas na panukala hinggil sa alternatibong pamamahala ng mga yamang mineral sa bansa.

### **Ano ba ang ating pagtingin sa pagmimina at sa ating mga yamang mineral?**

Ang mga mineral ay esensyal na yaman na bahagi ng ating pambansang patrimonya. Bagaman kinakailangan ito para sa pambansang pag-unlad at mahalaga sa ating ekonomiya, ang pagbubungkal ng mga yamang mineral ay dapat maingat na isinasagawa dahil bahagi ito ng ating ekosistema. Kasama dito ang ating kagubatan,





Maliban sa pagkakalbo ng ating kagubatan at pagkalason ng ating mga katubigan, ang kasulukuyang industriya din ng pagmimina ay malaki ang naiaambag sa patuloy na paggamit ng maruming enerhiya dahil sa malaking pangangailangan nito sa kuryente.

Dapat din idiin na ang ating mga mineral ay bahagi ng mga hindi napapalitang likas-yaman. Kung kaya't may responsibilidad din tayo na ito'y tipirin at pangalagaan para sa mga susunod na salinlahi. Ang pagmimina ay dapat isagawa bilang huling pamamaraan lamang para sa ating pangangailangan at dapat tiyaking hindi malubhang makaapekto sa mga komunidad at kapaligiran.

### **Ano ba ang mali sa kasalukuyang Mining Act of 1995 (RA 7942)?**

Sa esensya ang RA 7942 o Mining Act of 1995 ay tumutugon sa pangangailangan ng pandaigdigang industriya ng pagmimina na magkaroon ng karapatang magmina at magkaroon ng kapangyarihang gamitin ang ating mga mineral para suhayan ang pandaigdigang pangangailangan para sa hilaw na materyales at enerhiya para sa paglikha, pamamahagi at paggamit ng mga kalakal upang pagtubuan.






Katunayan, ang pagbubukas natin sa industriya ng pagmimina at pagsasabatas ng Mining Act of 1995 ay bunsod ng impluwensya at interes ng mga pandaigdigang korporasyon sa pagmimina, mayayamang bansa tulad ng US at Australia at mga pandaigdigang pampinansyang institusyon tulad ng World Bank (WB) at Asian Development Bank (ADB). Simula noong dekada 80 hanggang 90, kaalinsabay nang pagpapatupad ng Structural Adjustment Programs (SAP) ng mga pandaigdigang pampinansyang institusyon, ang mga bansang katulad ng Pilipinas ay sapilitang binago ang kanilang mga batas sa pagmimina upang bigyang daan ang pagpasok ng mga dayuhang korporasyon sa pagmimina ng mga mayayamang bansa sa pandaigdigang saklaw.

Hinawan ng Mining Act of 1995 ang daan para sa pagpasok ng mga korporasyon sa ating kagubatan at komunidad upang tuklasin at kunin ang mga mineral palabas ng ating bansa kapalit ng kikitaing buwis mula sa mga korporasyong ito. Hindi nangingimi sa pagsasabi ang ating gobyerno na ang industriya sa pagmimina ay sa esensya bahagi ng kanyang pamamaraan upang hikayatin ang pamumuhunan at pagkakitaan ito. Tinuturing nya ang industriyang ito bilang PLAK o Pera Lang ang Katapat.

Gayunpaman, isa pa ring malaking kasinungalingan ang pagsasabing ito ng ating gobyerno. Ang mga





napakagalanteng pampinansyang insentibo ba na nakapaloob sa kasalukuyang batas sa pagmimina sampu ng iba pang mga batas kaugnay nito ay barya na lamang ang kinakailangang ibigay ng mga korporasyon sa pagmimina sa ating gobyerno kapalit ng pagbubungkal nito sa ating mga mineral na yaman. Habang walang kaparis ang hatid nitong pagkasira sa ating kapaligiran at komunidad.

Sa pagpapatuloy ng batas na ito, ang RA 7942 ay nagamit pang hadlang sa mga pagpupunyagi ng mga lokal na pamahalaan upang pangalagaan ang kalusugan, kapaligiran at kabuhayan ng mga mamamayan. Gayundin, nagawang lapastanganin ng kasalukuyang batas sa pagmimina ang proseso ng FREE PRIOR and INFORMED CONSENT (FPIC) sa mga komunidad ng mga katutubo at nagawa nitong inutil ang nilalaman ng Environmental Impact Assessment. At masaklap na naging daan din ito sa paglaganap ng mga paglabag sa karapatang pantao ng mga komunidad at indibidwal na tumututol sa pagmimina

## **Ano ang Dapitan Initiative of 2002?**

Ang ALTERNATIVE MINERAL MANAGEMENT BILL (AMMB) ay nagmula at ibinunsod ng isang kumperensya noong 2002 na dinaluhan ng mga tagapagbandila



at aktibistang pangkapaligiran, panlipunan at karapatang pantao. Tinuligsa ng kumperensyang ito ang pangekonomya't pampulitikang kaayusan ng industriya sa pagmimina sa bansa at mariing tinutulan ang ligal na balangkas na nag-anak ng Mining Act of 1995. Sa deklarasyon ng kumperensya, pinagtibay nito ang kanyang pagsusulong sa karapatan ng mga katutubo at pagkakamit ng isang makakalikasan, may pagkakapantay-pantay at patas na sistema ng pamamahala sa ating mga yaman. Gayundin, nanindigan ang kumperensya para sa pagkilos at pagsusulong ng demokratiko at may mapagsangguning proseso sa pagsasabatas ng bagong ligal na balangkas tungo sa matalinong pagngangalaga sa 'ting kalikasan.

Makalipas ang ilang taon nang konsultasyon sa komunidad at pakikipagpulong sa mga eksperto ay nagawa nitong ihain ang isang panibagong panukalang batas sa nakaraang Kongres, ang HB 6342 noong 2009. Ang nilalaman ng AMMB ay hindi lamang nakatuon sa pagsusulong ng makabagong pamamaraan ng pagmimina o nakatuon lamang sa industriya ng pagbubungkal bagkus isa itong panukalang batas na nakatuon sa pangkalahatang pamamahala at pagpapatakbo na siyang hahalili sa batas sa pagmimina o Mining Act of 1995.

Ang panukalang batas o bill na ito ay tinatawag ng ibang sektor at kasama bilang "Alternative Mining Bill (AMB) o Mineral Management Bill (MMB) habang ang ilang mga sektor ng simbahan ay nagsimula nang gamitin ang katagang "Natural Resources Management and Stewardship Bill".




## Ano ang mga mahahalagang probisyon ng Minerals Management Bill?

### Konserbasyon ng Yamang Mineral.

Ang paggamit ng ating mga mineral ay dapat na isinasangalangalang ang alokasyon sa paggamit ng susunod na henerasyon na may pagdidiin sa muling paggamit ng natitirang mineral at muling pagsasaayos sa mga luma't inabandonang minahan. Kung para sa gagamitin ng kasalukuyang henerasyon, dapat din itong gawin alinsunod lamang sa balangkas ng lokal at kasalukuyang pangangailangan na may pagkokonsidera sa pangekolohiya, panlipunang kapakinabangan at iba pang gamit ng lupa .

### Para sa Kapakinabangan ng Sambayanang Filipino.

Ang pagtuklas, pagpapaunlad at paggamit ng ating yamang mineral ay dapat pangunahin para sa kapakinabangan ng sambayanan; Dapat din itong nakatuntong sa isang maka-ekolohiyang pambansang industriyalisasyon at modernisasyon ng agrikultura. Sa ganitong direksyon ang estado ay dapat na itayo ang lokal na kakayahang iproseso ito bilang industriyal na produkto at maging ang iba pang industriyang gagamit nito. Ang dapat na minahing yamang



■ Philippine Total Labor Force  
■ Employed in Mining Industry

Data provided by Bantay Kita

mineral ay yaon lamang gagamitin para sa lokal na pangangailangan.

**Ang Balangkas ng Paggamit ng Yaman Mineral.** Ito ay ibabalangkas alinsunod sa pambansang planong pangkaunlaran na nakabatay sa prinsipyo ng likas-kayang pag-unlad. Ang balangkas na ito ang siyang magtatakda sa tipo at dami ng mineral na kailangang minahin sa isang takdang panahon. Ang Kawanihan sa Pagmimina at Siyensyang Panlupa KPSP ay babaguhin bilang isang institusyon para sa pananaliksik. Ang estado sa pamamagitan ng kawanihang ito ang siyang mamamatnugot sa pagtuklas ng mga istrategikong mineral. Ang KPSP o Mines and Geosciences Bureau (MGB) ang siyang magbubuo ng imbentaryo ng yamang mineral sa bansa at siyang magtatakda ng istrategikong yamang mineral na kinakailangan para sa pambansang pag-unlad at magtatakda ng hangganan ng lugar minahan at datos ng daloy ng mga tubig luklukan.

**Multisektoral na Konseho para sa Pamamahala ng Mineral (MMMC).** Ang konsehong ito ay bubuuin sa bawat lugar na may magkakaugnay na tubig luklukan. Ito

ang may kapangyarihang magbigay ng permiso sa pagbubungkal at pagpoproseso ng yamang mineral at maging sa pagsang-ayon sa mga kasunduan kaugnay nito. Ang mga apektadong komunidad at lokal na pamahalaan ay yaong mga lugar na potensyal





na maapektuhan ng pagmimina alinsunod sa lugar na dinadaluyan ng tubig luklukan at karugtong nitong bunganga ng tubig.

**Pagmamay-ari ng mga Katutubong Filipino.** Ang mga yamang mineral sa loob ng lupang katutubo ay kolektibong pagmamay-ari ng mga katutubong mamamayan sa bansa. Walang pagmiminang dapat maganap sa mga lupaing ito nang walang malaya, bago at impormadong pagsangayon na nakabatay sa kanilang mga tradisyunal na proseso ng pagsang-ayon.



**No Go Zones.** May mga lugar na isasara sa pagmimina kasama dito ang mga lugar na kritikal ang kalagayan ng tubig luklukan, mga mapapanganib na lupain, maliliit na isla at mga lupang nasa ilalim ng Kumprehensibong Repormang Agraryo at mga susing lugar ng biodibersidad. Gayundin, ipinagbabawal ang pagmimina sa mga lugar na may mas mataas ang gamit ang lupa kung saan ang mas prayoridad ay ang pagbibigay ng mas kapakipakinabang at likas-kayang kabuhayan para sa komunidad na may pagdidiin sa pagtitiyak ng pagkain at makataong pamumuhay ng mamamayan.

Missing Contracts	Total Number of Contracts	Area Size
Financial or Technical Assistance Agreements (FTAA's)	6	108,872.45 Has.
Mineral Production Sharing Agreements (MSPAs)	339	601,976.16 Has.
Exploration Permits (EPs)	113	404,364.83



**Kasunduang Mineral.** Ang pagpapaunlad, paggamit at pagpoproseso ng yamang mineral sa bansa ay para lamang sa mga Filipino at Korporasyong Filipino. Hindi papayagan ang anumang Kasunduang Tulong Pinansyal at Teknikal at iba pang kasunduan

na magbibigay pahintulot sa operasyon at pagmamay-ari ng mga dayuhang korporasyon sa pagmimina. Ang anumang kontratang lugar kada kasunduan ay hindi hihigit sa limang daang (500) ektarya at ang pinakamalaking papayagang ektarya ng operasyon sa sinumang tao sa alinmang tubigluklukan ay hanggang pitong daan at limampung (750) ektarya. Ang haba ng anumang kasunduang mineral ay ang habang ng buhay ng mina at limang (5) taon para sa muling pagsasaayos na hindi lalagpas sa labin limang (15) taon.

### **Pagmamaksima ng Ganansya at Pagpigil o**


**Pagbabawas sa Mapaminsalang Epekto.** Itatag nito ang mekanismo para sa bukas at pananagutan ng mga korporasyon sa pagmimina. Bago ang aktwal na operasyon, ang mga kontraktor ay magpapasa ng kanilang Environmental and Social Impact Prevention at Mitigation Plan (ESIPMP). Ang paglulunsad ng konsultasyon sa mga apektadong komunidad ay mahigpit na ipatutupad sa bawat yugto ng operasyon ng pagmimina. Ang Malaya, Bago at Impormadong konsultasyon sa mga katutubo ay ipatutupad din sa bawat yugto ng operasyon. Bibigyan pansin din ang pagkilala sa KARAPATANG PANTAO at pagpaparusa sa mga lalabag dito.



Mahigpit na ipagbabawal din ang Open-pit na pamamaraan ng pagmimina ng mga mineral.

**Patas na Kabahagi.** Maliban sa mga bayarin at buwis, ang gobyerno ay dapat may bahagi na katumbas ng sampung porsyento (10%) ng kabuuang kita mula sa paglilinang at paggamit ng yamang mineral na kanyang pag-aari. Sa mga pagmimina na nasa loob ng mga lupang katutubo, ang kontratista ay dapat magbayad ng hindi bababa sa sampung porsyento (10%) ng kabuuang kita bilang royalty sa mga katutubo/katutubong komunidad. Ang anumang pagpapaunlad sa komunidad ay hindi ituturing na bayad royalty. Ang mga lokal na pamahalaan ay may bahagi din na direktang babayaran batay sa klasipikasyon nito, bulnerabilidad at tantos ng pantaong pag-unlad (human dev't index) mula sa netong kita ng pagmimina.

GDP Contributions from 2000-2010



## Ano ang kasalukuyang patakaran sa pagmimina sa bansa?

Ang kasalukuyang patakaran sa pagmimina sa Pilipinas ay pangunahing hinulma ng liberal na interpretasyon at implementasyon ng sumusunod na tatlong mayor na patakaran sa pagmimina, tulad ng MINING ACT of 1995, EXECUTIVE ORDER 270 at ng NATIONAL MINERAL ACTION PLAN, na pumihit sa patakaran ng gobyerno mula sa bukas tungo sa lahatang panig na pagsusulong ng malakihang pagmimina sa bansa.

Dahil dito, nagpatupad ang gobyerno ng mga patakaran sa pamumuhunan at regulasyon upang tiyakin ang pagpasok ng pamumuhunan sa pagmimina. Kasama sa mga patakarang ito ang pagpapabilis sa proseso ng aplikasyon sa pagmimina at pagbibigay ng mapang-akit na insentibo na halos nagtitiyak sa mga korporasyon na maliit lamang ang ibabalik sa milyong kanilang makukuha sa pagmimina sa bansa.



### **Anong mga batas na maapektuhan ng AMMB?**

Maraming mga batas ang maapektuhan sa pagsasabatas ng AMMB. Pangunahin diyan ay ang batas sa pagmimina o Philippine Mining Act of 1995 dahil ang AMMB ay may mga probisyon para sa kapangyarihan, pagmamay-ari at pamamahala sa likas yaman ng bansa. Maapektuhan din nito ang ilang probisyon ng batas sa maliitang pagmimina o People's Small-Scale Mining Act

**60 percent of the protected areas are directly hit by mining projects...**

- Civil society report on the Medium Term Philippine Development Plan (MTPDP) - Mining 2004-2010

**At least 30 cases of mining-related extra-judicial cases from 2001-2012**

- Data compiled by Alyansa Tigil Mina



of 1991 laluna na yaong pumapatungkol sa paraan at limitasyon ng maliitang pagmimina. Pinalalakas din ng AMMB ang prinsipyong nakasaad sa batas sa karapatan ng mga katutubo o Indigenous People's Rights Act of 1997. Pinalalakas din nito ang kapangyarihan ng mga lokal na pamahalaan kung kaya't maging ang probisyon ng batas sa lokal na pamahalaan o Local Government Code ay maapektuhan din.

### **Kontra ba ang AMMB sa pagmimina?**

Hindi kontra ang AMMB sa pagmimina. Katunayan, pinatatampok ng AMMB ang halaga ng yamang mineral at ipinipihit nito ang kasalukuyang mga patakaran sa pagmimina sa direksyong mas magiging pabor at mahusay na magsisilbi sa buong sambayanan.

Kung kaya't isinusulong ng AMMB ang maingat na pagbubungkal ng ating yamang mineral. Ang mga minahan ay bahagi ng kapaligiran, kagubatan at tubig luklukan. Higit pa dito, ang mga lugar ng pagmimina ay tahanan ng ating mga katutubo at komunidad. Gayundin, bagaman kinikilala ng AMMB ang halaga ng yamang mineral sa pambansang pagpapaunlad ay pinapanatili nito ang pagtugon sa masamang epekto nito.



### **Paano hinaharap ng AMMB ang mga hamong hatid ng krisis sa klima?**

Ipinagbabawal ng AMMB ang pagmimina sa mga lugar na delikado sa mga sakunang hatid ng klima, mga



mapaminsalang lugar at maliliit na isla na vulnerable sa negatibong epekto ng krisis sa klima. May pagdidiin din ang AMMB sa mga lugar na lumilikha ng pagkain at agrikultural bilang pangunahing apektado ng Krisis sa Klima sa pamamagitan ng pagdedeklara bilang NO GO ZONE sa pagmimina ang mga lugar na pinanggagalingan ng tubig luklukan at sa mga kritikal na tubig luklukan.

Ganundin, ang anumang kapasyahan para sa pagbubukas ng mga lugar sa pagmimina ay babatay sa potensyal na epekto nito sa kapaligiran. Ang limitadong pagbubukas ng pagmimina ay maglilimita din sa paggamit ng tubig at enerhiya na nakakambag sa paglala sa krisis sa klima.

Sa pagtatayo ng multisectoral na konseho para sa Pamamahala ng Mineral, hinihimok ng AMMB ang proseso ng paglahok at lokal na pagpapasya. Ang ganitong paraan ay angkop upang harapin ang




malaganap at hindi patas na hamong hatid ng krisis sa klima.

### **Bakit kailangan nating suportahan ang pagsasabatas ng AMMB?**

Simula nang pag-isipan ang Mining Act of 1995, ang pagtutol ng mga apektadong komunidad laban sa malakihang pagmimina at mga patakaran sa pagmimina ay naging bahagi na ng pampulitikang larangan sa pagpapasigla ng industriya. Samu't saring anyo ng pagtutol ang isinasagawa ng mga apektadong pamilya laban dito mula pagsasampa ng ligal na kaso at petisyon hanggang barikada at hunger strike.

Sa kasalukuyan, ang saklaw at laki nang pagtutol laban sa malakihang pagmimina at mga patakarang kaugnay nito ay hindi matatawaran. Ang pagtutol laban sa Mining Act of 1995 at sa kabuuang industriya ng pagmimina ay higit na mas malapad sa kasalukuyan. Ilan sa mga pangunahing tumututol dito ay ang Catholic Bishop Conference of Philippines (CBCP), ang Save Palawan Campaign na pinangunguhan ng ABS-CBN Bantay Kalikasan at ni Gina Lopez, Maging mga lokal na pamahalaan ay tumututol din ngayon sa anyo nang pagpapalabas ng mga ordinansa at moratorium sa pagmimina. Tampok dito ang



South Cotabato Environmental Code na nagbabawal sa open-pit na pagmimina, ang League of Municipalities of the Philippines sa kanilang panawagan para sa pambansang moratorium sa pagmimina. Lumalaki ang bilang ng mga lider, dalubhasa't personalidad na tumututol sa pagmimina. Kasama na dito ang ilang mga Kongresistang sumusuporta sa pangangailangan ng isang alternatibong batas sa pagmimina sa ating bansa.

Layon ng Alternative Minerals Management Bill na solusyunan ang mga problemang kinakaharap ng mga komunidad at lokal na pamahalaan na dulot ng mga kakulangan ng kasalukuyang Mining Act of 1995. Ang inyong pagsuporta sa Alternative Minerals Management Bill ay nangangahulugan ng inyong pagkatig sa mamamayan. Nangangahulugan din ito ng inyong paninindigan para sa mga apektadong komunidad ng pagmimina, sa mga katutubo, kapaligiran at para sa kasalukuyan at mga susunod pang henerasyon.






## Ano ang SOS-Yamang Bayan Network?

Ang SOS-Yamang Bayan Network ay isang pambansa't multisektoral na kilusan ng mga apektadong komunidad ng pagmimina, mga pambansang samahan at alyansa, pangkapaligirang samahan at networks, organisasyong pansimbahan, pambansang NGOs, mga sektoral na organisasyon sa hanay ng mga katutubo, kabataan, kababaihan, kinatawan sa Kongreso, mga prominenteng lider at personalidad na nagsusulong para sa pagbabasura ng Mining Act of 1995 at nagtataguyod sa pagsasabatas ng Minerals Management Bill.

Ang network na ito ay pampublikong nabuo noong June 06, 2011, kaalinsabay sa pagdiriwng ng World Environment Day 2011 sa ilalim ng temang 'Sikad/PadyakparasaKalikasan , Proteksyunan ang ating Kagubutan'. Isang organisadong pagbibisikleta sa paligid ng Quezon City Circle at isang Press Conference ang isinagawa ng network kung saan inilahad nito ang kanyang kampanya sa pagbabasura ng Mining Act of





1995, sa pagbabago sa direksyon ng industriya sa pagmimina sa bansa at pagsasabatas ng alternatibong batas sa pamamahala ng yamang mineral sa bansa.

Ipinapatawag at pinamumuan ang SOS-YamangBayan Network ng Legal Rights and Natural Resources Center (LRC-KsK), Alyansa Tigil Mina (ATM), Philippine Miserior Partnership – Anti Mining Campaign (PMP – AMC), Alternative Law Groups (ALG), Catholic Bishops Conference of the Philippines – National Secretariat for Social Action, Justice and Peace (CBCP – NASSA), Haribon Foundation, Task Force Detainees of the Philippines (TFDP), Philippine Information Center (PhilRights), Philippine Indigenous People's Link (PIPLINKS), Association of Major Religious Superior of the Philippines – Justice Peace and Integrity of Creation Commission (AMRSP – JPICC), Catholic Bishops Conference of the Philippines – Episcopal Commission on Indigenous Peoples (CBCP – ECIP), Akbayan, FDC, Offices of Rep. Lorenzo Tanada III, Rep. Kaka Bag-ao, Rep. Carlos Padilla and Rep. Teddy Brawner Baguilat.



# DAPITAN DECLARATION

11 October 2002

We have witnessed the destructive effects of mining on human and other life forms violations of people's rights, fish kills, environmental destruction, pollution, and dreaded diseases which are glaring in the cases of Canatuan in Zamboanga del Norte and the communities in Marinduque. This cannot go on. There are alternative ways of organizing and understanding our world and how we want to live.

We believe in the initiative of committed individuals to convince others and lead to a growing number of advocates.

We declare that given the current state of the mining industry and our current economic and political set up, there can be no sustainable mining as contained in the proposed National Minerals Policy. We commit as individuals, not only to oppose the current legal framework provided by Republic Act Nos. 7942 and 7076 but also to increase public awareness of these issues.

We commit to contribute to do whatever we can as individuals to uphold indigenous people's rights and achieve a more ecologically sound, gender-fair, equitable system of resource management.

We will work for a democratic and consultative process in enacting a new legal framework to achieve a wise stewardship of our natural resources based on the following principles.

Everyone should share in the burden of satisfying resource needs primarily through re-using and recycling existing mineral products.

In land and water use, the concerns of food security, which includes food free from pollution, livelihood production, ecological balance, equity, and social justice should always be the priority.

Only resources that are necessary for domestic use and national industrialization should be utilized. We should develop our own human resources and encourage the evolution of our own appropriate technologies. Priority should be given to community-based, community-initiated and community-owned stewardship of resources.

There should be no compromise on human rights, dignity and collective identities. At the minimum, we call for:

The immediate cancellation of all existing financial and technical assistance agreements (FTAAs), minerals production sharing agreements (MPSAs), exploration permits, and other mining agreements, licenses and other instruments because they are all based on a highly flawed system;

The scrapping of RA 7942 (Philippine Mining Act), RA 7076 (Small-scale Mining Act); PD 463, and all related laws that are oppressive to the people;

A moratorium on the issuance of large-scale mining permits, licenses, agreements and other instruments for one hundred years;

Rehabilitation, restoration of mining areas and accountability of mining corporations for the destruction that they caused;

Upholding workers' rights; and

Prohibiting state and privately sponsored armed groups from areas where there are current and prospective mining operations.

We believe that our individual commitments will grow into a voice of millions of Filipinos. It will be impossible not to heed our call.

This is our legacy to future generations.

Dapitan City, Philippines.

Signed:

Carmelo M. Acuña  
Fr. Susano O. Arbas  
Atty Gerthie Mayo-Anda  
Fr. Albert Anthony K. Bael  
Bishop Warlito P. Baldomero  
Edgar Canda  
Lyda Jara Canson  
Joji Cariño  
Fr. Victor A. Fontejon  
Carmencita "Chin-Chin" A. Gutierrez  
Atty. Marvic M.V.F. Leonen  
Sr. Rosanne B. Mallillin  
Bishop Jose R. Manguiran  
Fr. Lauro C. Mozo  
Director Antonio "Butch" D. Perez  
Engr. Rolando A. Soliva  
Teddy A. Casiño  
Engr. Catalino L. Corpuz  
Tesa C. de Vela  
Maria Lourdes M. Tison  
Alberto G. Valero  
Cesar H. Villanueva  
Bishop Zacarias Jimenez



***GET INVOLVED!***  
***Be part of the Movement!***

Contact the

**SOS-Yamang Bayan Network National Secretariat**

at:

**lrcksk@lrcksk.org and/or policy@alyansatigilmina.net**

Facebook: **www.facebook.com/sosyamangbayan**



**Legal Rights and Natural Resources Center (LRC-KsK)**

24-A Malingap St., Teacher's Village, Quezon City, Philippines

Tel: (63 2) 928-1372 or Telefax: (63 2) 920-7172

Website: [www.lrcksk.org](http://www.lrcksk.org)

or



c/o Haribon Office, 2/F Santos and Sons Building  
# 973 Aurora Blvd. Cor Dapdap St.,  
Anonas, Cubao, Quezon City, Philippines

Tel: (63 2) 434-4642 loc. 27 or Fax: (63 2) 434-4696

[www.alyansatigilmina.net](http://www.alyansatigilmina.net)

*The printing of this publication was made possible with support from the*  
**FUND FOR THE PHILIPPINE ENVIRONMENT**

